| Aralin 5 | Timeline ng Mahahalagang Pangyayari sa Buhay hanggang sa Kasalukuyang Edad |
|---|---|

May mahahalagang pangyayari sa buhay ng tao na may kinalaman sa kanyang paglaki, simula pagsilang hanggang sa kaniyang kasalukuyang edad. Ang mga pangyayaring ito ay maaaring isang mahalagang pagbabago sa pisikal o sa kakayahan, maaari din na may mga nanatili sa buhay ng isang bata. Alamin natin ang mga kaganapang ito sa pamamagitan ng paggawa ng timeline.

May mahahalagang pangyayari sa buhay ng tao na may kinalaman sa kanyang paglaki, simula pagsilang hanggang sa kaniyang kasalukuyang edad. Ang mga pangyayaring ito ay maaaring isang mahalagang pagbabago sa pisikal o sa kakayahan, maaari din na may mga nanatili sa buhay ng isang bata. Alamin natin ang mga kaganapang ito sa pamamagitan ng paggawa ng timeline.

**BALIKAN NATIN**

Lagyan ng **tsek** ang kahon na nagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa iyong buhay at **ekis** naman kung hindi.



Ang mga mahahalagang pangyayaring ito na nagdulot ng pagbabago at mayroon din naman mga nananatili sa ating buhay. Alamin natin kung paano tayo makakagawa ng isang Timeline gamit ng mga mahahalagang pangyayaring ito.

**TUKLASIN NATIN**

Masdan ang larawan na nasa ibaba.



| 1 taong gulang | 3 taong gulang | 4 taong gulang | 5 taong gulang | 6 taong gulang |
|---|---|---|---|---|

Ano ang napansin ninyo sa bata na nasa larawan? May nagbago ba sa kanyang pisikal na anyo? Paano ang pagkakasunod-sunod ng mga larawan? Ano ang naunang larawan? Ano naman ang pinakahuling larawan?

Nababatid mo ba kung ano ang tawag sa larawan na iyong nakita?

Basahin at unawain ang maikling kwento.

**Timeline**

Isang araw na naman sa paaralan, nagsimula na magturo ang guro na si Bb. Dela Cruz.

"Mga bata maaari bang ilabas ninyo ang inyong mga takdang aralin?" sabi ni Bb. Dela Cruz. Ang mga takdang araling ito ay ang mga larawan ng mga bata simula noong sanggol pa sila hanggang sa kasalukuyang edad, mga pangkulay, marker at kartolina.

"Ma'am, ano po ang gagawin natin sa mga takdang aralin namin?" tanong ni Julia.

"Magandang tanong yan Julia, ang mga kagamitan na aking pinadala sa inyo ay gagamitin ninyo para sa paggawa ng TIMELINE." Nakangiting sagot ni Bb. Dela Cruz.

"Tama mga bata timeline nga. Gagawa tayo ng pagkakasunod-sunod ng mga mahahalagang pangyayari sa inyong buhay gamit ang mga larawan na inyong dala. Isusulat din natin ang mga petsa at edad ninyo sa ibaba ng larawan para maibahagi ninyo sa iba ang mga kaganapang ito." mahabang pagpapaliwanag ng guro.

" Maaari ring lagyan ng dekorasyon ang inyong gawa para maging mas maganda ito. Pagkatapos ay isa-isa ninyong ilalahad ang inyong ginawang timeline." pagpapatuloy pa ni Bb. Dela Cruz.

"Wow! Sige po ma'am gumawa na tayo." Halos sabay sabay na sabi ng mga bata.

Tingnan ang isang halimbawa ng Timeline na ginawa ng klase ni Bb. Dela Cruz.

**SURIIN NATIN**

Sagutin ang mga katanungan tungkol sa iyong binasa. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang gagawin ng mga bata na sinabi ng guro?
   A. Portfolio B. Album C. Timeline
2. Ano-ano ang mga ilalagay ng mga bata sa gagawin nila?
   A. Mga larawan, petsa at dekorasyon
   B. Mga laruan, damit at sapatos
   C. Mga lapis, papel at pangkulay
3. Ang mga larawan ng mahahalagang pangyayari na maaaring ilagay ng mga bata sa kanilang timeline ay___?
   A. paglalaro sa labas
   B. paglilinis ng bahay
   C. pagpasok sa paaralan
4. Sa iyong palagay matutuwa ba ang mga bata sa paggawa ng timeline?
   A. hindi po B. opo C. hindi po sigurado
5. Ikaw, kaya mo din ba gumawa ng timeline?
   A. opo B. hindi po C. hindi po sigurado

## ISAGAWA NATIN

**Gawain 1:**

Pagsunod-sunurin ang mga larawan sa timeline. Isulat ang bilang 1-5 sa loob ng kahon.




## TAYAHIN NATIN

Isulat sa kahon na nasa ilalim ng larawan ang letra ng tamang edad ng bata ayon sa timeline.




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

A. Anim (6) na taong gulang at pumapasok na sa paaralan.
B. Isang (1) taong gulang, nag-aaral maglakad atmagsalita.
C. Tatlong (3) taong gulang, marunong ng kumain mag-isa.
D. Limang (5) taong gulang, mahilig na makipaglaro saM ibang bata.
E. Bagong silang na sanggol